**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 08-069**

**KAPASIYAHAN NA NAGGAGAWAD NG PAGKILALA SA KGG. ELMER S. ESPELETA SA MAHUSAY, MATAPAT, EPEKTIBO AT MAKABAYANG PAGLILINGKURAN SA LOOB NG TATLONG (3) TERMINO O SIYAM (9) NA TAONG PAGLILINGKOD BILANG KONSEHAL NG DISTRITO 2 NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*************************************************************************************************

Ipinanukala ni:
***Kgg. Kon. Mggl. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Kon. Ma. Luisa Babaran-Echavez, M.D***
***Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, MD***
***Kgg. Kon. Melchor R. Teves***
***Kgg. Kon. Ermie S. Espeleta***
***Kgg. Kon. Marita Deang-Calalang, DMD***
***Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo***
***Kgg. Kon. Luvi P. Constantino***
***Kgg. Kon. Inhr. Marissa Cole-Rongavilla***
***Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday***
***Kgg. Kon. Robert A. Abas***
***Kgg. Kon. Mggl. Rey E. Bulay***
***Kgg. Kon. Cezar V. Pagkalinawan***

*************************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang **KGG. ELMER S. ESPELETA,** ay nahalal bilang Konsehal ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa noong **Hunyo 30, 1998** hanggang **Hunyo 30, 2007**;

**SAPAGKAT,** dahil sa kanyang mahusay na paglilingkod at pagbibigay ng serbisyong totoo sa mga mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa ang **KGG. ELMER S. ESPELETA,** ay muling nahalal noong **May 2001** at **Mayo 2004**;

**SAPAGKAT,** siya ay nakapaglingkod ng **siyam (9) na taon** sa mga mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** sa loob ng kanyang panunungkulan bilang mambabatas, siya ay naging bahagi sa pag-ugit ng patuloy na kaunlaran ng Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang **KGG. ELMER S. ESPELETA**, ay nakitaan ng magandang pakikipag-ugnayan at buong pusong pagsuporta sa dating Administrasyon at mga kasamahang konsehal para maipatupad ang mga magagandang proyekto para sa Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** sa panahon ng kanyang panunungkulan siya ay nagpamalas ng propesyonalismo sa tungkulin sa pamamagitan ng maingat at matalinong pakikiisa sa ibang kasamang Konsehal sa Sangguniang Panlungsod na nagtataglay ng iba't-ibang ideolohiyang pulitikal at prinsipyong personal upang ang kapakanan ng higit na nakararaming mamamayan ay maisulong;

***Pahina 2***
***Kapasiyahang Panlungsod Bilang 08-069***

**SAPAGKAT,** sa kanyang makabayang paglilingkuran, ang tungkulin na bilang kinatawan ng kanyang nasasakupan ay naisakatuparan ng may kahusayan, katapatan, at kagalingan;

**SAPAGKAT,** sa ibinigay na serbisyo ng **KGG. ELMER S. ESPELETA,** marapat lamang na bigyan siya ng plake ng pagpaparangal at iba pang insentibo na nararapat at naaayon sa batas;

**NGAYON DAHIL DITO,** pinagpagsiyahan ng 5$^{th}$ Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na gawaran ng pagkilala ang **KGG. ELMER S. ESPELETA** sa mahusay, matapat, epektibo at makabayang paglilingkuran ng naisagawa sa loob ng tatlong termino o siyam na taong paglilingkod bilang Konsehal ng **Distrito 1** ng **Lungsod ng Muntinlupa**.

**PINAGTIBAY,** ng ***ika-5 na Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong ***ika-18 ng Pebrero, 2008,*** sa ginanap na ***ika-25 Regular na Sesyon***.

**SUMANG-AYON:**

**<u>DISTRITO I:</u>**

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**
*Miyembro*

**KON. MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, M.D.**
*Miyembro*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, M.D.**
*Miyembro*

**KON. MELCHOR R. TEVES**
*Miyembro*

**KON. MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Miyembro*

**KON. ERMIE S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. MARITA DEANG-CALALANG, D.M.D**
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Miyembro*

**KON. JOSELITO V. AREVALO**
*Miyembro*

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**
*Miyembro*

**KON. INHR. MARISSA COLE-RONGAVILLA**
*Miyembro*

**KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Miyembro*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. MGGL. REY E. BULAY**
*Miyembro*

**KON. CEZAR V. PAGKALINAWAN**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**KON. ALLEN F. AMPAYA**
*Miyembro*

**KON. DANN HENRY G. TEVES**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**LEONORA M. MARCELO**
*Legislative Staff Officer*

**PINATUTUNAYAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Punonglungsod*
*Petsa:* __________

***Norie/***